# Nagtuturing ka ba – kapag nagdasal ako ng mga ṣalāh na isinatungkulin, nag-ayuno ako sa Ramaḍān, nagpahintulot ako ng ipinahihintulot at nagbawal ako ng bawal,

Ayon kay Jābir (malugod si Allāh sa kanya): {Na may isang lalaking nagtanong sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi ito: "Nagtuturing ka ba – kapag nagdasal ako ng mga ṣalāh na isinatungkulin, nag-ayuno ako sa Ramaḍān, nagpahintulot ako ng ipinahihintulot at nagbawal ako ng bawal, at hindi ako nagdagdag doon ng anuman – na papasok ba ako sa Paraiso." Nagsabi siya: "Oo." Nagsabi ito: "Sumpa man kay Allāh, hindi ako magdaragdag doon ng anuman."}
[صحيح] [رواه مسلم]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagdasal ng limang ṣalāh na isinatungkulin at hindi nagdagdag sa mga ito ng anuman mula sa mga pangkusang-loob na ṣalāh, nag-ayuno sa Ramaḍān at hindi nagkusang-loob [ng ibang ayuno], naniwala sa pagkapahintulot ng ipinahihintulot at ginawa ito, at naniwala sa pagkabawal ng bawal at umiwas rito, papasok siya sa Paraiso.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee